

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 2:
Mga Mahalagang Hakbang Upang
Mapaunlad Ang Talento at
Kakayahan Ayon sa Hug at
Mithiin



**Edukasyon sa Pagpapakatao – Ikasiyam na Baitang
Alternative Delivery Mode**

Ikaapat na Markahan – Modyul 2: Mga Mahalagang Hakbang Upang Mapaunlad Ang Talento at Kakayahan Ayon sa Hilig at Mithiin

Unang Edisyon, 2020

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul

Manunulat: Emerita C. Acoymo
Editor: Vicente Jose V. Suarez, II
Evelin E. Luzarita
Tagasuri: Jephone P. Yorong
Tagaguhit: Edgardo P. Jamar, Jr.
Tagalapat: Peter A. Alavanza, Reggy C. Asupre
Tagapamahala: Dr. Isabelita M. Borres
Eugenio B. Penales,
Sonia D. Gonzales
Felix Romy A. Triambulo
Ella Grace M. Tagupa
Jephone P. Yorong

Inilimbag sa Pilipinas ng _____

Department of Education – Region IX

Office Address: Regional Center, Balintawak, Pagadian City

E-mail Address: region9@deped.gov.ph

Edukasyon sa Pagpapakatao

Ikaapat na Markahan – Modyul 2:

Mga Mahalagang Hakbang Upang Mapaunlad
Ang Talento at Kakayahan Ayon sa Hilig at
Mithiin

Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.


Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.



Alamin

Sa nakaraang modyul ay iyong natuklasan ang mga pagbabago sa mga pansariling salik sa pagpili ng tamang kurso o track. Sa modyul namang ito, inaasahang maipamamalas mo ang sumusunod na kaalaman, kakayahan at pag-unawa:

13.2 Napagninilayan ang mga mahahalagang hakbang na ginawa upang mapaunlad ang kanyang talento at kakayahan ayon sa kanyang hilig, mithiin, lokal at global na *demand*. (EsP9PK-IVa-13.2)



Subukin

Panuto: Basahin at unawaing mabuti ang bawat aytem. Piliin ang titik ng wastong kasagutan at isulat ito sa iyong kwaderno o sagutang papel.

1. Sino ang Sikilohistang naghati sa anim na mga Jobs/Careers/work environment?
 - a. Dr. Howard Garner
 - b. John Holland
 - c. Dr. Manuel Dy
 - d. Martin Luther King
2. Ang lahat ng tao ay may angking likas na kakayahan, iba't iba ang talino o talento. Bilang nasa Baitang 9, ano ang mahalagang gampanin na dapat mong gawin sa mga talino o talentong ipinagkaloob sa iyo na may kaugnayan sa pagpili mo ng nais na kurso sa pagtuntong mo sa Senior High School?
 - a. Pahalagahan at paunlarin
 - b. Pagtuunan ng pansin at palaguin
 - c. Paunlarin para sa sarili at ibahagi para sa kabutihang panlahat
 - d. Tuklasin at gamitin sa pagpapayaman mula sa tinapos na kurso
3. Alin sa sumusunod ang dapat taglayin mong katangian upang masabing asset ka ng kompanya?
 - a. Kung ikaw ay masahing manggagawa
 - b. Kung ikaw ay matalinong manggagawa
 - c. Kung ikaw ay produktibong manggagawa
 - d. Kung ikaw ay aktibong maggagawa
4. Si Lito ay mahusay bilang isang computer Programmer. Ngunit di niya maisakatuparan ito kung wala siyang sariling kagamitan tulad ng computer. Kaya nagsumikap siya na makamit ang hangaring magkaroon nito, dahil hangad niyang mabigyan ng magandang buhay

ang kanyang mga magulang. Ano kaya ang kanyang gagawin na makatulong sa pagkamit ng kanyang minimithi sa buhay?

- a. Magkakaroon ng sariling computer
- b. Matapos ang kaniyang kursong computer
- c. Magkaroon ng computer shop
- d. Humingi ng donasyon

Para sa aytem 5-6

Si Eric ay may kakayahang kumuha ng kursong Medisina ngunit ang kanyang mga magulang ay kapos-palad upang tustusan ang kanyang minimithi sa buhay bilang isang doctor.

5. Anong panlabas na salik ang nakakaapekto kay Eric sa kanyang minimithi sa buhay?
 - a. Impluwensiya ng pamilya
 - b. Kakayahang pinansyal
 - c. impluwensiya ng barkada
 - d. lokal na demand
6. Kung ikaw ang nasa katayuan ni Eric ano ang iyong gagawin?
 - a. Huminto muna at maghanap ng trabaho
 - b. Mag-alaga ng mga hayop sa bukid
 - c. Kumuha ng pasulit para sa scholarship
 - d. Maghanap ng mayamang mapapangasawa

Para sa aytem 7-8

Alam ng mga magulang ni Agatha na siya ay likas na maabilidad ngunit bago siya mamili ng kurso ay humingi muna siya ng payo at mungkahin sa kanila.

7. Sa aling panloob na salik napapabilang ang sitwasyong ito?
 - a. Hilig
 - b. Kasanayan
 - c. pagpapahalaga
 - d. talento
8. Dapat bang suportahan ng mga magulang ang desisyon ng kanilang mga anak?
 - a. Oo, para maging matagumpay ang anak sa hinaharap
 - b. Oo, para makita na yayaman ang mga anak sa hinaharap
 - c. Hindi, dahil kailangan munang magpahinga para mag-ipon
 - d. Hindi, dahil siya lamang ang nagdala ng swerte sa buhay niya.
9. Ang mga panloob na mga pansariling salik ay makakatulong sa pag-unawa ng kahalagahan ng pagpapalano ng kursong akademiko o teknikal-bokasyonal o negosyo bilang tugon sa hamon ng paggawa. Alin sa mga sumusunod ang HINDI kabilang sa mga ito?
 - a. Talento
 - b. Hilig
 - c. Katayuang Pinansyal
 - d. Kakayahan
10. Kinahiligan ni Joe ang paggamit ng mga makina at iba pang mga kagamitang pang-konstruksiyon. Anong kakayahan ang tinutukoy ng pahayag?
 - a. pakikiharap sa Tao
 - b. mga datos
 - c. mga bagay-bagay
 - d. mga ideya at sulosyon

Aralin**2**

Mga Mahalagang Hakbang Upang Mapaunlad Ang Talento at Kakayahang Ayon sa Hilig at Mithiin

“Handa ka na ba?” ang malimit na tanong ng taong hinihintay ang iyong paghahanda sa isang gawain. Madalas ito rin ang linya ng iyong guro bago ang pagsusulit o di kaya naman, ito ay nasasambit ng isang Game Master sa kanyang contest bago magsimula ang kompetisyon o laro. Kawili-wiling tanong ngunit nakakagulat kung paano ito sasagutin nang mabilisan. Ikaw, handa ka na rin bang pumili ng nais mong kurso sa pagtuntong mo sa Senior High School (Baitang 11 at 12)? Ito na ang huling markahan bago magtapos ang iyong taon sa Baitang 9, ngunit bago ito mangyari, kailangan mo munang magpasya at pumili para sa iyong sarili kung ano ang nais mong kuning kurso. Nais mo bang masagot ang mga tanong na iyan nang sigurado ka at nang walang alinlangan? May mga dapat bang pagbatayan sa mga pagpili mong ito, o sapat na bang makinig na lamang at umasa sa mga taong nakapaligid sa iyo? Ang mga tanong na iyan ay malinaw na sasagutin at ipaliliwanag sa iyo ng modyul na ito kasama na ang susunod na tatlo pang bahagi ng markahang ito. Ang mga kaalaman na makukuha mo rito ang magsisilbing unang hakbang patungo sa direksyong minimithi mo at ang pangarap ng mga taong sa iyo ay nagtitiwala.

Inaasahang masasagot mo ang pinakamahalagang tanong pagkatapos ng modyul na ito: Bakit mahalagang tugma ang mga pansariling salik sa mga pangangailangan (requirements) sa napiling kursong Akademiko, Teknikal-Bokasyonal, Sining at Isports, Negosyo o Hanapbuhay daan upang magkaroon ng makabuluhang hanapbuhay o negosyo at matiyak ang pagiging produktibo at pakikibahagi sa pagpapaunlad ng ekonomiya ng bansa?



Balikan

Naalala mo pa ba ang mga pagbabagong natukoy mo sa iyong talento, kakayahan at hilig sa tulong ng nakaraang modyul? Mula sa pagbabalik-tanaw mo, dalawang taon mula ngayon, nalaman mong maraming mga pagbabago ang nangyari sa iyong sarili, hindi lamang sa pisikal ngunit sa iyong kabuuan. Ang mga pagbabagong ito ay nakaapekto sa iyo sa pagpili ng kukuning kurso o track sa Senior High School. Muling alalahanin ang iyong naging pagsusuri sa nakaraang modyul at buong-husay na sagutin ang mga sumusunod sa iyong kwaderno.

Mga Tanong:

1. Ano-anong mga pagbabago sa talento, kakayahan at hilig ang iyong natuklasan?
2. Nagbago rin ba ang kursong kukunin mo noong nasa Baitang 7 ka? Ipaliwanag.
3. Sa mga pagbabago sa iyong talento, kakayahan at hilig, nakaapekto ba ito sa track o kursong nais mong kuhanin sa Senior High School?

Tunay na hindi ganoon kadali ang pumili at tumukoy ng mga pagbabagong nararanasan noong ikaw ay nasa Baitang 7 na may kaugnayan sa talento, kakayahan, at hilig ngunit dahil sa angking kalayaan sa pagpapasya ay magagawa mo ng walang alinlangan ang mahalagang bagay na ito sa buhay mo. Sa pagtuntong mo sa susunod na gawain, mapagninilayan mo ang mga mahahalagang hakbang na ginawa upang mapaunlad ang talento at kakayahan ayon sa iyong hilig at mithiin.



Mga Tala para sa Guro

Magandang araw sa iyo. Kumusta ka? Muli na naman tayong magkakasama. Inaasahan kong natulungan ka ng mga naunang modyul na ginawa ko para sa iyo. Muli, naghanda na naman ako ng modyul na tutulong sa iyo upang tuklasin ang iyong mga pansariling salik sa pagpili ng tamang kursong akademiko o teknikal-bokasyonal, sining at isports, negosyo o hanapbuhay.



Tuklasin

Basahin ito:

“Anak, mag-aral kang mabuti para sa iyong kinabukasan at para sa ating pamilya”. Narining mo na ba sa iyong nanay o tatay, maging sa sa iyong lolo o lola? May ideya ka ba kung bakit nila ito sinasabi sa iyo? Bunga ng kanilang mga karanasan at karanasan ng iba nilang kakilala, ibinahagi sa iyo ang ganitong payo. Matapos mong tuparin ang kanilang payo, may mga paghahanda ka bang ginagawa para sa papasukin mong mundo pagkatapos ng pag-aaral – ang mundo ng paggawa?

Matapos mong magpamalas ng kasipagan sa pag-aaral, paghahasa ng iyong isipan sa mga pagsusulit, at pagbubuo ng mga konsepto mula sa lahat ng mga natutuhan, ano naman ang paghahandang iyong ginawa upang makapili ng angkop o tamang track o kurso tungo sa hanapbuhay o trabahong iyong papasukin?

Ang anim na pansariling salik sa pagpili ng track o kurso ay ilan lamang na gabay tungo sa iyong maayos na pagpili patungo sa maunlad na hanapbuhay na nag-aantay sa iyo sa pagtatapos mo sa Senior High School. Kaya, ngayon pa lamang mula sa iyong kakayahang mag-isip (intellect) at kalayaan ng kilos-loob (freewill) ay gamitin ito tungo sa tama at wastong pagpili o pagpapasya.

Ang nakalulungkot dito ay hindi mo man lang masabi o maipahayag ang iyong tunay na pasiya o nais na kukuning track o kurso dahil may gusto ang iyong mga magulang para sa iyo. Maaring hindi pa matatag ang iyong loob na ito ay sabihin at ipaliwanag. Hindi pa huli para sa iyo na magpasiya para sa sarili at maging maligaya sa pinili mo ang iyong loob na ito ay sabihin at ipaliwanag. Hindi pa huli para sa iyo na magpasiya para sa sarili at maging maligaya sa pinili mo.



Suriin

Kaya sa modyul na ito ay palalawakin natin ang iyong pang-unawa sa mga pansariling salik sa pagpili ng tamang track o kursong akademiko, teknikal bokasyunal, sining at desenyong isports.

1. **Talento-** isang pambihirang biyaya at likas na kakayahang kailangang tuklasin dahil ito ang magsisilbi mong batayan sa pagpili ng track o kursong akademiko, o teknikal bokasyunal, negosyo o hanapbuhay sa iyong pagtatapos ng Junior High School. Tulad ng:

- | | |
|--------------------------------|----------------------------|
| 1. Visual/Spatial | 5. Musical/Rhythmic |
| 2. Verbal/linguistics | 6. Intrapersonal |
| 3. Mathematical/Logical | 7. Interpersonal |
| 4. Bodily Kinesthetic | 8. Existential |

2. **Kasanayan o Skills-** ay mga bagay kung saan tayo mahusay o magaling, na naiugnay ito sa salitang abilidad, kakayahan o kahusayan. Tulad ng;

- a. **Kasanayan sa pakikiharap sa mga tao (People Skills)-** magiliw na naglilingkod sa kapwa.
- b. **Kasanayan sa mga datos (Data Skills)-** magaling magtago ng mga piles/dokumento
- c. **Kasanayan sa mga bagay-bagay (Things Skills)-** nagpapaandar ng mga makina, nag-aayos ng mga kagamitan, nakaunawa at umaayos sa mga pisikal, kemikal at biyolohikong mga functions.
- d. **Kasanayan sa Ideya at Solusyon (Ideas Skills)-** lumulutang ng mga mahihirap at teknikal na bagay at nagpapahayag ng mga saloobin at damdamin sa malikhaing paraan.

3. **Hilig** - nasasalamin ito sa mga paboritong Gawain na nagpapasya sa iyo dahil gusto mo at buo ang iyong puso na ibigay ang lahat ng makakaya ng hindi makaramdam ng pagod o pagkabagot. Salungat ditto ang mga Gawain o bagay na ayaw mong gawin.

Hinati ng sikolohistang si John Holland sa anim ang mga Jobs/career/work environment, ito ay:

- a. **Realistic** -Nasisiyahan sa pagbuo ng mga bagay gamit ang malikhaing kamay o gamit ang mga kasangkapan kaysa makihalubilo sa mga tao at makipagpalitan ng opinion. Matapang, praktikal at mahilig sa mga gawaing outdoor .
- b. **Investigative-** Nakatuon sa mga gawaing pang-agham, gusting magtrabaho ng mag-isa kaysa may kasamang iba. Mayaman sa ideya at malikhain sa kakayahang pang-agham. Sila ay mapanaliksik, mapanuri, malalim, matalino at task oriented.
- c. **Artistic** - Malaya, malikhain at mataas ang imahinasyon at may malawak na isipan. Nais nila ang mga gawaing may kaugnayan sa wika, sining, musika, pag-arte at iba pa.
- d. **Social** - Palakaibigan, popular at responsible. Gusto nila ang interaksyon at pinaliligiran ng mga tao. Madalas mas interesado sila sa mga talakayan ng mga problema o sitwasyon ng iba at mga katulad na gawain.
- e. **Enterprising-** Mapanghikayat, mahusay mangumbinsi ng iba para sa

pagkamit ng inaasahan o target goals. Ang mga taong may mataas na interes dito ay madalas na masigla, nangunguna at may pagkukusa at kung minsan ay madaling mawalan ng pagtitimpi at pasensya.

f. *Conventional* - naghahanap ng mga panununtunan at direksiyon; kumikilos

ayon sa tiyak na inaasahan sa kanila. Mailalarawan sila bilang matiyaga, mapanagutan at mahinahon. Masaya sila sa mga gawaing tiyak, may sistemang sinusunod, maayos ang mga datos at organosado ang record.

4. **Pagpapahalaga-** ay nagpapamalas ng pagsisikap na abutin ang mga ninanais sa buhay at makapaglingkod ng may pagmamahal sa bayan bilang pakikibahagi sa pag-unlad n gating ekonomiya.

5. **Mithiin-** Kailangang magkaroon ng matibay na personal na pahayag ng misyon sa buhay para makamit ang minimithi. Di lang dapat umiiral sa iyo ang hangaring magkaroon ng mga materyal na bagay at kaginhawaan sa buhay, kailangan ay isipin rin ang pakikibahagi para sa kabutihang panlahat.

Sa pagpili ng Track o Kurso para sa Baitang -11 dapat isalang-alang ang mga sumusunod:

1. Ang magkaroon ng makabuluhang hanapbuhay o maiangat ang antas ng buhay.
2. Tataglayin mo ang katangian ng isang produktibong maggagawa.
3. Kung masisiguro ang pagiging produktibo sa iyong mga Gawain, ikaw rin ay nakikibahagi sa pag-uunlad ng ekonomiya ng bansa.

Sa pagsusuri ng maigi at pagbabalanse ng kahalagahan at epekto sa iyo ng mga pansarili at panlabas na salik ay higit na makapagbibigay ng tamang pasya na makatutulong upang maging produktibo bilang isang mamamayan.

Mga Gawain:

Panuto: Sundin ang sumusunod na panuto. Isulat ang sagot sa iyong kuwaderno.

1. Sa bahaging ito ay tingnan natin na mas malawak na pang-unawa ang pansarili na salik at mga hakbang sa pagtupad.
2. Sa unang kolum, isulat ang iyong mga hilig
3. Sa ikalawang kolum ay isulat naman ang mga hakbang o mga hakbang na dapat isagawa upang ito ay maisakatuparan o magamit na kapakipakinabang.

Gawain 1

Hilig	Mga Hakbang Upang Maisakatuparan at Kapakipakinabang

Panuto: Sagutan ang sumusunod at isulat ang sagot sa kuwaderno. Punan ang sumusunod na kahon ng angkop na sagot tulad ng sa Gawain 1.

Gawain 2

Kakayahan	Mga Hakbang Upang Maisakatuparan at Kapakipakinabang

Panuto: Sagutan ang sumusunod at isulat ang sagot sa kuwaderno. Punan ang sumusunod na kahon ng angkop na sagot tulad ng sa Gawain 1.

Gawain 3

Talento	Mga Hakbang sa Pag-unlad



Pagyamanin

Pagkatapos mong maunawaan at mapagnilayan ang mga hakbang upang maisakatuparan at magamit sa kapakipakinabang ang iyong mga talento, kakayahan at hilig. Buong husay namang sagutin sa iyong kwaderno ang mga sumusunod na katanungan.

Gawain 1

Mga tanong:

1. Ano-ano ang iyong mga naging batayan sa upang malaman kung anong hakbang ang dapat gawin upang maisakatuparan o magamit sa kapakipakinabang ang iyong talento, kakayahan at hilig?
2. Bakit mahalagang magkaroon at masunod ang mga hakbang sa pagsasakatuparan o paggamit ng pansariling salik sa pagpili ng kurso sa kapakipakinabang?
3. Paano mo mapapanatili ang sarili na sinusunod ang mga hakbang na iyong ibinigay?



Isaisip

Panuto: Muling alalahanin ang mga hakbang na iyong inilista sa nakaraang gawain. Pagnilayan mo ang mga ito at sa tulong ng talahanayan sa ibaba ay sagutin ang mga katanungan sa iyong kwaderno.

Mga Panloob na Salik	Hilig	Mithiin	Demand
Talento	1. Ano-anong mga mahalagang hakbang na iyong gagawin upang mapaunlad ang Talento ayon sa iyong Hilig ?	1. Ano-anong mga mahalagang hakbang na iyong gagawin upang mapaunlad ang Talento ayon sa iyong Mithiin ?	1. Ano-anong mga mahalagang hakbang na iyong gagawin upang mapaunlad ang Talento ayon sa iyong lokal at Global na Demand ?

<p>Kakayahan</p>	<p>1. Ano-anong mga mahalagang hakbang na iyong gagawin upang mapaunlad ang Kakayahan ayon sa iyong Hilig?</p>	<p>1. Ano-anong mga mahalagang hakbang na iyong gagawin upang mapaunlad ang Kakayahan ayon sa iyong Mithiin?</p>	<p>1. Ano-anong mga mahalagang hakbang na iyong gagawin upang mapaunlad ang Kakayahan ayon sa iyong Lokal at Global na Demand?</p>
-------------------------	--	--	--



Isagawa

Sa nagdaang modyul sa parehong bahagi, meron kayong nailista na mga kurso o trabaho na ayon sa inyong talento hilig at kakayahan. Batay sa mga kursong inyong nailista i-aayos mo ito ng sunod-sunod ayon sa inyong hilig, mithiin at lokal at global na demand. Pagkatapos ipaliwanag kung paano mo nabuo. Isulat sa inyong kuwaderno.



Tayahin

Halina't ating sukatin ang iyong natutunang kaalaman sa aralin. Buong-husay mong sagutin ang mga sumusunod na aytem para sa pagtataya.

Panuto: Basahin ang bawat aytem at piliin ang angkop na sagot sa mga tanong/pahayag . Isulat lamang ang titik sa sagutang papel sa napili mong sagot.

1. Alin sa mga sumusunod na interes napapabilang ang pagiging Economist?
 - a. Realistic
 - b. Artistic
 - c. Investigative
 - d. Social

2. Ang lahat ng tao ay may angking likas na kakayahan, iba't iba ang talino o talento. Bilang nasa Baitang 9, ano ang mahalagang gampanin na dapat mong gawin sa mga talino o talentong ipinagkaloob sa iyo na may kaugnayan sa pagpili mo ng nais na kurso sa pagtuntong mo sa Senior High School?
 - a. Pahalagahan at paunlarin
 - b. Pagtuunan ng pansin at palaguin
 - c. Paunlarin para sa sarili at ibahagi para sa kabutihanG panlahat
 - d. Tuklasin at gamitin sa pagpapayaman mula sa tinapos na kurso

3. Sa panahong ikaw ay naguguluhan pa sa mga pagpipiliang kurso para sa nalalapit na Senior High School, Ano ang dapat na maging aksyon mo?
- Makinig sa mga gusto ng kaibigan
 - Huminto muna at sa susunod na taon na lamang mag-aral
 - Magbasa at maglaan ng panahon na makapag-isip at magplano
 - Humingi ng tulong sa malapit sa iyo at umasa sa kanilang desisyon
4. Ang aming kapitbahay ay laging nakikipagtulungan, nakikisama sa iba kaya't naging matagumpay sila sa kung anumang aktibidades na gagawin ng aming pamayanan. Sa aling kasanayan/skills ito napapabilang?
- Kasanaya sa mga ideya at solusyon
 - Kasanayan sa mga bagay-bagay
 - Kasanayan sa mga datos
 - Kasanayan sa pakikiharap sa mga tao
5. Nakasanayan na ni Athan ang pagsasaayos ng mga gamit sa talyer. Kaya naisip niya na mag-aaral ng kursong Engineering sa unibersidad ng Dapitan. Anong pansariling salik ang isinaalang-alang ni Athan sa kaniyang naging desisyon sa kursong kukunin sa kolehiyo?
- pinansyal
 - kakayahan
 - pagpapahalaga
 - mithiin
6. Si aling Agnes ay nagtatrabaho bilang Clerk sa isang kompaniya. Siya ang humahawak sa mga dokumento at nag-aayos ng mga files at inoorganisa ito. Sa aling kasanayan/skills ito napapabilang.
- kasanayan sa mga ideya o solusyon
 - kasanayan sa mga datos
 - kasanayan sa pakikiharap sa mga tao
 - kasanayan sa mga bagay-bagay
7. Siya ay maabilidad, may kakayahan at kahusayan sa paggawa kung ang pag-uusapan ay ang pagluluto ng iba't ibang kakanin. Sa alin pansariling interes siya napapabilang?
- mithiin
 - pagpapahalaga
 - kasanayan
 - hilig

8. Alam ni Cita na hindi niya kakayanin ang kursong Medisina gayundin ang kakayahan ng kaniyang magulang na suportahan siya. Kaya ang kanyang ginawa ay naghanap siya ng mga scholarship sa kanilang munisipyo at iba pang institusyon at unti-unti ay nagsulat siya ng mga tiyak niyang plano at mga paalaala daan upang maging gabay niya. Anong pansariling salik ang isinagawa ni Cita?

- a. katayuang pinansyal
- b. mithiin
- c. hilig
- d. pagpapahalaga

9. Kung si Maria ay mahusay sa paghihikayat at pangungumbinsi sa iba para sa pagkamit ng inaasahan o target goals ay sa aling pansariling interes siya napapabilang?

- a. investigative
- b. Enterprising
- c. social
- d. Realistic

10. Ang mga sumusunod ay mga hakbang na gawain sa pagpili ng track o kurso, maliban sa isa.

- a. Ang magkakaroon ng makabuluhang hanapbuhay
- b. Taglayin ang katangian ng isang produktibong manggagawa
- c. Makapagtapos at yumaman sa buhay na di alintana ang iba
- d. Masisiguro ang pagiging produktibo sa gawain na makapapaunlad sa bansa



Karagdagan Gawain

Panuto: Bilang paglalahat na gawain ay sagutin mo ang mga tanong sa kuwaderno.

1.) Ano-ano sa mga salik na ating tinalakay ang sa tingin mo ay makaaapekto sa iyong pagpapasiya? Ipaliwanag.

2.) May pagbabago ba sa iyong pasiya matapos malaman ang mga panloob na mga salik? Ipaliwanag.

3.) Ano ang bagong natuklasan mo sa iyong sarili? Paano mo magagamit ang mga natuklasang ito sa agpli ng kurso o Track sa Senior High?



Susi sa Pagwawasto

Tayahin 1. A 2. C 3. C 4. C 5. B 6. A 7. C 8. A 9. B 10. C	Subukin 1. B 2. C 3. C 4. A 5. B 6. C 7. D 8. A 9. C 10. C
---	---

Sanggunian

Gayola, Sheryl T., et al. 2015. *Edukasyon sa Pagpapakatao 9: Modyul Para sa Mag-aaral*. 5th Floor Mabini Bldg., DepEd Complex, Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600: FEP Printing Corporation.

Para sangkutanungan o puna, sumulat o tumawagsa:

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph